# MANGHUHULI AKO NG SINAG NG ARAW

**MANGHUHULI AKO NG SINAG NG ARAW**

Manghuhuli ako ng sinag ng araw
Upang iregalo sa aking magulang.

Magdadala ako ng bulate't bingwit
Kung sakaling ito ay isdang maliit.

Dadalhin ko na rin ang malaking lambat
Kung ito'y simbangis ng hayop sa gubat.

Hindi ko iiwan ang malaking payong,
Baka takot ito sa ulan o ambon.

Maaari namang ito ay maamo
Kaya tangay ko rin ang bikong niluto.

At kung ito'y tila ibong lumilipad,
Aking aakitin ng guryong malapad.

Manghuhuli ako't handa na ang lahat.
Gusto mong sumama para makatiyak?

**ISANG PATALASTAS**

Ako ay nagpaskil
ng mga anuns'yo
Sa lahat ng pader,
sa lahat ng kanto.

Nawawala kasi
ang aking alaga;
kahapo'y katabi
nang maglahong bigla.

Madali lang naman
siya makilala.
Ang mukha't katawan
ay talagang iba.
Mata niya'y walo,
iba-iba'ng hugis,
Na sa kanyang ulo
ay nakapaligid.

Siya ay maliit
na tulad ng bunot.

Balat ay kaliskis
at tatlo ang buntot.

Hindi kumakahol,
hindi ngumingiyaw.
Ang kanyang alulong
ay parang kalabaw.

Pa-gilid maglakad,
paatras tumakbo.
At nakalilipad
kapag nakakrudo.

Mahilig matulog
sa sanga ng puno
at sa mga sulok,
laging nagtatago.

At, oo nga pala,
siya ay may kolyar:
“Pangalan: Halima,
Mulang Planetang Mar.”

Kung sakaling siya’y

inyong matagpuan,

agad ibalita.

Huwag lalapitan!

**ANG AKING MGA PABORITO**

Totoo! Marami akong paborito.
Ay, naku! Marami!  Maraming totoo!
Unang paborito'y mag-aral, kumain.
Pangalawa nama'y magkulay, magdrowing.

Pangatlo'y tumula,pati ang pagkanta.
(Pangarap ko kasing maging manganganta.)
Makipaghabulan naman ang pang-apat,
Aba, sa takbuhan ako'ng laging sikat.

Paborito ko rin ang aking pamilya:
Makipagtaguan kay Ate o Kuya,
Yakapi't halikan ang nanay at tatay,
O laru-laruin ang bagong inakay.

Mayro'n pang pang-walo, pang-siyam, pangsampu…
(Bakit kasi kulang, mga daliri ko!)
Ang pinakahuli't hindi malimutan
Ang bigkasing muli ang aking listahan.

Totoo, marami akong paborito…

**HARI NG KAGUBATAN**

Dito sa aking silid-tulugan,
Ako ang hari ng kagubatan.
Mahusay akong naglalambitin
Sa mga kumot na nangabitin.
Ang mga aklat na nakakalat
Ay mga burol na nilulundag.
Wala sa akin ang mga ilog
Ng mga damit na nasa sulok.
Walang problema kung bagtasin ko
Ang mga silyang bangin at bato.
At kapag ako ay tumindig na
Sa tuktok nitong bundok na mesa,
Natitiyak kong magsisikubli
Ang laruan kong daga at bibe.
Dito sa aking silid-tulugan
Ako ang hari ng kagubatan
Hangga't sabihin ng aking ina.
"O, munting hari, magligpit ka na."

**TAGUANG KUTING**

“Ngiyaw, Muning, ngiyaw!” ang huni ni Luming
Habang hinahanap ang anak na kuting.

Hinanap n’ya ito sa likod ng silya,
Hinanap din niya sa tabi ng mesa.

“Ang galing talaga niya kung magtago,
Baka naman siya’y naroon sa pinto.

Marahang-marahan, ang ina’y lumapit
At kanyang narinig ang tawa ng paslit.

“Hala!” ang panggulat ng ina sa bunso,
Muling nagsimula ang kanilang laro.

**TULA NG PAGONG**

…tu…tu…

laan…ko…sana…

kayo…ngunit…huwag…na…

lang…kaya…baka…kasi…kayo…ay…

nagma…madali…at… baka…maka…tulog…pa…kaya…

kung…maaari…isipin…ninyo…na…lang…na…tinu…laan…ko…na…kayo…

……….palak……………pakan……..…naman………..…po…

di yan…

**LALARO-LARO**

Mga kaibigan, tayo nang maglaro,
Sungka, luksong-tinik o ng patintero.
Tapos na ang klase, pati ang aralin,
Nagawa na'ng lahat na dapat gagawin.

Mga kaibigan, tayo ay magsungka;
Batong maliliit ay h'wag iwawala.
Paglagay sa butas ay maging maingat,
Bumilang ng isa, dal'wa, tatlo, apat…

O gusto n'yong tayo ay magluksong tinik;
Sa mga daliri'y huwag pasasabit.
Tumakbo nang mabilis at saka tumalon.
Kapag nakalampas, isa ka ng kampeon.

Mas masayang tiyak ang magpatintero;
Dali at bumuo ng dalawang grupo.
Laging siguruhing ika'y nasa linya,
Aminin kung ika'y aming nataya na.

Mga kaibigan, tayo nang maglaro,

Sungka, luksong-tinik o ng patintero.

Pero kung pagod na’t nais magpahinga,

Sa silay ng buwan tayo’y magsihiga.

**TSUNAMI**

Tsunami, oh, tsunami,
Mga along malaki!
May pangil ka ng tigre,
at simbangis ng b’witre.

Mga puno at ugat,
Kaydaling mong masiklat.
Mga tahana’t baklad,
Agad mong nababaklas.

Tsunami, oh, tsunami,
Mga along malaki!
Kami man ay magkubli
Ay iyong mahuhuli.

At sa iyong pag-agos,
Pag-asa’y naaanod,
Hininga’y nalulunod,
Gunita’y nalilimot.

Tsunami, oh, tsunami,
Mga along malaki.
Sa aming hinihingi,
‘Wag sanang mabibingi:

Kung ikaw ay darating,
Ang tangi mong burahin,
Basurang maiitim,
Pati aming panimdim.

**SA LUGAR NAMIN**

Ang lugar namin
ay maliit na baryo;
sa sobrang liit
isang kalye lang
at dalawang kanto.

Sa aming baryo,
maliliit din ang bahay;
sa sobrang liit,
asong nakaupo ang kapantay.

Sa bawat bahay,
maliit ang mga pinto,
sa sobrang liit,
sa pagpasok ay yuyuko.

Makikita sa pagpasok,
maliliit ding mga mesa;
sa sobrang liit,
isang silya lang ang kasya.

Ngunit ang nakapagtataka,

sa baryo naming maliit

kayraming naninirahang

pamilyang ‘di naman maliit.

**PAMILYA ONDOY**

Tiyak kong kamag-anak nitong bagyong si Ondoy
Ang mga bumisita sa ating bayan noon.
Di man magkakahawig ang kanilang pagdating,
Mga pinsala naman naman ang iniwan sa atin.

Ang pinsan n'yang si Lindol ay mahilig mag-hiphop
Kaya't mga gusali't bahay ay lumagabag.
Hindi magpapatalo ang kapatid na Guho
At sa kanyang pagra-rap, bundok ay nagsiyuko.

Mabagal kung kumilos ang tiyahing Tag-init
Kaya itong tag-ulan ay hindi makasilip.
Laging nagmamadali ang tiyuhing Tsunami,
Anumang madaanan ay isinasantabi.

Sino ba'ng nag-imbita sa mag-anak na ito?
Wala namang kasalan, bertdey, pista't musiko.
Ay, baka may iba pang kaanak na dadalaw.
Magsikilos na tayo at kung hindi ay ba-bye.

**SA HARDIN KO**

Sa aking hardin,
Iba-iba ang tanim:
Mga tumutubong palosebo,
Mga nakahilerang musiko,
Gumagapang ng mga banderitas,
Mga kiping na namumukadkad,
Mga nakasabit na hinog na palayok,
At isang arkong tumatayog.

Araw-araw
Sa aking hardin,
Dinidiligan ko ang palosebo,
Inaawitan ang mga musiko,
Ang mga banderitas ay dinadamuhan,
Ang mga kiping ay inaabonohan,
Binabantayan sa peste ang mga palayok,
At winawalisan ang paligid ng arkong matayog.

Sa aking hardin, kung ika'y bibisita,
Matutuwa ka't parang laging may pista.

**ANG RESIPI NG PAMILYA**

Ang sangkap ni Ate

Para sa kanyang dilis na paksiw:

- kalahating kilong dilis
- pinitpit na luya
- kalahating puswelong suka
- isang puswelong tubig
- kalahating kutsarang asin

Ang sangkap ni Kuya

Para sa kanyang adobong baboy:

- isang kilong baboy
- isang ulo ng bawang
- isang kutsarang paminta
- limang kutsarang toyo
- apat na puswelong tubig

Ang sangkap ni Tatay

Para sa kanyang kutsintang Tagalog:

- tatlong kilong bigas
- tatlong puswelong asukal na pula
- kalahating puswelong apog

isang pusweong tubig

Ang sangkap ni Nanay

Para sa kanyang pansit sotanghon:

isang puswelong ginayat na pitso ng manok

isang puswelong ginayat na baboy

dalawang itlog

isang puswelong ginayat na toho

isang puswelong taingang daga

Ang sangkap ko

Kahit hindi ako marunong magluto:

hindi mabilang na puswelo ng halik

hindi masukat na kilo ng yakap

sobrang init na pagmamahal

maraming kutsara ng paggalang.